International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST)
ISSN: 2528-9810
Vol. 11 Issue 4, April - 2026

# Kakayahan, Mga Hamon, at Estratehiya sa Pagtuturo ng mga Gurong Non-Filipino Major sa Asignaturang Filipino sa Antas Sekondarya

## *(Competencies, Challenges, and Teaching Strategies of Non-Filipino Major Teachers in Teaching the Filipino Subject at the Secondary Level)*

**Roilo D. Catabay**
Central Graduate School College of Education
Isabela State University, Echague
Isabela, Philippines
roilocatabay@gmail.com

**Marina D. Acerit, PhD**
Central Graduate School College of Education
Isabela State University, Echague
Isabela, Philippines
marina.d.acerit@isu.edu.com

***ABSTRACT***

***This study aimed to determine the level of competence, challenges, and teaching strategies of non-Filipino major teachers in teaching the Filipino subject at the secondary level in the Schools Division Office (SDO) Isabela. The researcher employed a quantitative method to describe and analyze the competence, challenges, and use of strategies of the respondents. The study involved 110 non-Filipino major teachers selected through a total population approach. Data were gathered using a validated and reliable questionnaire based on the Philippine Professional Standards for Teachers (PPST) and the Most Essential Learning Competencies (MELCs), and were analyzed using the mean.***

***The findings revealed that the teachers demonstrated a level of "Competent" in linguistic, literary, and communicative competencies, and "Highly Competent" in pedagogical competence. This indicates that they possess sufficient capability to teach Filipino despite the lack of specialization in the subject. However, the challenges encountered by the teachers were at the level of "Often Challenged" in terms of content and subject-matter competence, and "Slightly Challenged" in teaching strategies and instructional methods. It was also found that teachers employ various strategies to maintain effective teaching.***

***Overall, the study recommends the development of a contextualized and data-driven Learning Action Cell (LAC) to further enhance the competence and teaching strategies of non-Filipino major teachers.***

***Keywords: non-Filipino major, teacher competence, teaching challenges, teaching strategies, Learning Action Cell (LAC)***

*ABSTRAK*

*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang antas ng kakayahan, mga hamon, at estratehiya sa pagtuturo ng mga gurong non-Filipino major sa asignaturang Filipino sa antas sekondarya sa Schools Division Office (SDO) Isabela. Gumamit ang mananaliksik ng kuantitatibong pamamaraan upang mailarawan at masuri ang kakayahan, mga hamon, at paggamit ng estratehiya ng mga respondente. Kabilang sa pag-aaral ang 110 gurong non-Filipino major na pinili sa pamamagitan ng total population approach. Ang datos ay nakalap gamit ang isang balido at maaasahang talatanungan na nakabatay sa Philippine Professional Standards for Teachers (PPST) at Most Essential Learning Competencies (MELCs), at sinuri sa pamamagitan ng mean.*

*Natuklasan sa pag-aaral na ang mga guro ay may antas na "Marunong" sa kakayahang pangwika, pampanitikan, at komunikatibo, at "Lubos na Marunong" sa pedagogical competence. Ipinapakita nito na may sapat silang kakayahan sa pagtuturo ng Filipino sa kabila ng kawalan ng espesyalisasyon sa asignatura. Gayunpaman, ang mga hamon na kinakaharap ng mga guro ay nasa antas na "Kadalasang Hamon" sa aspeto ng nilalaman at kakayahang pang-asignatura, at "Kaunting Hamon" sa estratehiya at pamamaraan sa pagtuturo. Lumabas din na gumagamit ang mga guro ng iba't ibang estratehiya upang mapanatili ang epektibong pagtuturo.*

*Sa kabuuan, inirerekomenda ang pagbuo ng isang kontekstuwalisado at datos-batay na Learning Action Cell (LAC) upang higit pang mapahusay ang kakayahan at estratehiya sa pagtuturo ng mga gurong non-Filipino major.*

*Mga Susing Salita: non-Filipino major, kakayahan ng guro, hamon sa pagtuturo, estratehiya sa pagtuturo, Learning Action Cell (LAC)*

# I. INTRODUCTION

Malaki ang papel na ginagampanan ng mga guro sa paghubog ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral, lalo na sa antas sekondarya kung saan higit na pinagtitibay ang akademikong kahandaan ng kabataan para sa kanilang hinaharap. Sa asignaturang Filipino, mahalagang taglayin ng mga guro ang sapat na kakayahang pangwika, pampanitikan, komunikatibo, at kasanayang pedagohikal upang matiyak ang epektibo at makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Gayunpaman, sa kasalukuyang kalagayan ng sistema ng edukasyon, hindi maikakaila ang paglaganap ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang hindi saklaw ng kanilang medyor o espesyalisasyon, isang penomenong pang-edukasyon na kilala sa katawagang *out-of-field teaching* na may implikasyon sa kanilang kakayahan, karanasan, at estratehiya sa pagtuturo.

Sa pandaigdigang konteksto, ipinakita sa South Africa na ang *out-of-field teaching* ay madalas na bunga ng kakulangan ng sapat na guro sa mga liblib at kanayunang lugar, kung saan ang mga guro ay napipilitang magturo ng higit sa dalawang asignaturang labas sa kanilang larangan (Badaru at Ndlovu, 2025).

Sa Australia, ang mga gurong nasa ganitong kalagayan ay madalas na nakararanas ng mababang *self-efficacy* at kakulangan sa paghahanda sa nilalaman at pedagohiya ng asignaturang kanilang itinuturo, na nagiging sanhi ng pagkabalisa at pagbaba ng kumpiyansa sa kanilang kakayahan sa pagtuturo (Wheeley et al., 2023). Ayon naman kina Hobbs at Porsch (2021), ang pagtuturo ng asignaturang hindi saklaw ng espesyalisasyon ay nananatiling seryosong isyu sa edukasyon na kadalasang hindi nabibigyan ng sapat na pansin.

Ang ganitong uri ng suliranin sa edukasyon ay palasak sa iba't ibang dako ng mundo. Sa Australia, natuklasan sa ulat ng Australian Council for Educational Research na humigit-kumulang 26% ng mga guro sa junior secondary level (Years 7–10) ang nagtuturo ng mga asignaturang hindi nila espesyalisado, lalo na sa mga malalayong lugar kung saan kakaunti ang mga kwalipikadong guro (ACER, 2016). Ang ganitong suliranin ay hindi lamang umiiral sa ibang bansa, kundi malinaw ring nararanasan sa konteksto ng Pilipinas

Sa Pilipinas, partikular sa pagtuturo ng Filipino, nararanasan din ang mga hamon sa pagtuturo lalo na ng mga guro na hindi espesyalisado sa Filipino. Ayon sa mga pag-aaral, maraming gurong nagtuturo ng Filipino ang nahaharap sa mga hamon kaugnay ng nilalaman at metodolohiya ng asignatura, kabilang ang mga *pedagogical at language challenges* sa pagtuturo ng Filipino (Bausa & Marbella, 2024; Seballos, Ramos, Canto, & Bonganciso, 2024). Dagdag pa rito, ang kakulangan sa pormal na pagsasanay at ang pangangailangang taasan ang suporta at training para sa mga gurong nagtuturo ng Filipino ay isa ring kinikilalang isyu.

Ipinapakita rin sa mga lokal na pag-aaral na ang mga gurong *non-Filipino major* ay nakararanas ng iba't ibang antas ng hamon sa pagtuturo ng Filipino, kabilang ang kakulangan sa kaalamang pang-asignatura at ang pangangailangang umangkop ng mga estratehiya upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ipinakikita rin ng mga pag-aaral na gumagamit sila ng sari-saring estratehiya sa pagtuturo, gaya ng kolaborasyon sa kapwa guro, sariling pananaliksik, pagdalo sa mga *Learning Action Cell*, at integrasyon ng teknolohiya upang mapanatili ang interes at motibasyon ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ipinakikita ng mga pag-aaral na nagpapamalas ang mga gurong ito ng mataas na antas ng dedikasyon, kakayahang umangkop, at propesyonal na katatagan sa kabila ng kanilang mga limitasyon

Sa kabila ng mga umiiral na pag-aaral, kapansin-pansin pa rin ang kakulangan ng mga pananaliksik na sabayang sumusuri sa antas ng kakayahan (competence), mga hamon, at estratehiya sa pagtuturo ng mga gurong non-Filipino major. Lalong nagiging mahalaga ang usaping ito sa lokal na konteksto ng Schools Division Office (SDO) Isabela.

Bagama't may mga pag-aaral na tumalakay sa karanasan at mga hamon ng mga gurong non-Filipino major, kapansin-pansin na kakaunti pa rin ang pananaliksik na sabayang sumusuri sa antas ng kakayahan, mga hamon, estratehiya sa pagtuturo sa lokal na konteksto ng Schools Division Office Isabela. Ang puwang na ito sa literatura ang tinutugunan ng kasalukuyang pag-aaral

Sa kabuuan, layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng kakayahan, mga hamon, at paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng mga gurong non-Filipino major sa asignaturang Filipino sa antas sekondarya, at ang resulta nito ay makatutulong sa pagbuo ng isang kontekstuwalisadong Learning Action Cell (LAC) upang higit pang mapahusay ang kakayahan at estratehiya sa pagtuturo ng mga gurong non-Filipino *major* ng asignaturang Filipino.

# II. METHODOLOGY

Gumamit ang pag-aaral ng kwantitatibong pamamaraan upang matukoy ang antas ng kakayahan, mga hamon, at estratehiya sa pagtuturo ng mga gurong hindi Filipino major sa asignaturang Filipino sa antas sekondarya. Ang mga kalahok ay mga gurong non-Filipino major mula sa Schools Division Office (SDO) Isabela na napili gamit ang total population approach mula sa kabuuang populasyon.

Ang pangunahing instrumento ng pananaliksik ay isang *structured questionnaire* na hinango sa Philippine Professional Standards for Teachers (PPST), Most Essential Learning Competencies (MELCs), at mga kaugnay na literatura. Nahati ang instrumento sa tatlong bahagi: (1) antas ng kakayahan na sumasaklaw sa kakayahang pangwika, pampanitikan, komunikatibo, at pedagogical competence, (2) antas ng mga hamon kaugnay ng nilalaman, estratehiya, at motibasyon ng

mag-aaral, at (3) antas ng paggamit ng mga estratehiya tulad ng komunikatibong pagtuturo, kolaborasyon, kontekstuwalisasyon, at integrasyon ng teknolohiya.

Gumamit ang pag-aaral ng four-point Likert Scale upang masukat ang antas ng bawat baryabol. Ang instrumento ay sumailalim sa content at face validation ng limang eksperto (S-CVI = 4.00) at pilot testing na nagresulta sa Cronbach's Alpha na 0.834, na nagpapakita ng mataas na antas ng reliability.

Upang masukat ang antas ng bawat baryabol, gumamit ang mananaliksik ng four-point Likert scale. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang frequency, percentage, at mean bilang mga pamamaraang deskriptibong estadistika.

Isinagawa ang pangangalap ng datos matapos makakuha ng pahintulot mula sa kinauukulang tanggapan at tiniyak ang pagsunod sa mga pamantayang etikal tulad ng boluntaryong pakikilahok, informed consent, at pagpapanatili ng kumpidensyalidad ng datos.

## *III.* RESULTS AND DISCUSSION

| Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Naiisa-isa at naipaliliwanang ko ang tamang gamit ng mga anyo ng salita (pangunahing bahagi ng pananalita) gayun din ang wastong gamit ng balarila sa pagsulat ng pangungusap. | 3.01 | Marunong |
| 2. Nakabubuo/nakasusulat ako ng tamang pangungusap na batay sa tuntunin ng Filipino. | 3.14 | Marunong |
| 3. Nauunawaan ko ang iba't ibang antas ng wika at gamit nito sa talakayan. | 3.07 | Marunong |
| 4. Nakikilala ko ang iba't ibang anyo ng teksto (naratibo, deskriptibo, ekspositori). | 3.45 | Lubos na Marunong |
| 5. Nakapagbibigay ako ng tamang halimbawa ng mga idyoma at kolokyal na salita. | 2.95 | Marunong |
| 6. Nakakapag-edit ako ng maikling sulatin batay sa tamang ortograpiya/estruktura at bantas. | 3.09 | Marunong |
| 7. Naiwawasto ko ang maling gamit ng salita sa binasa o isinulat. | 3.15 | Marunong |
| 8. Nagagamit ko nang wasto ang Filipino sa pasalitang komunikasyon. | 3.15 | Marunong |
| 9. Naipaliliwanag ko ang mga kahulugan ng terminolohiyang pangwika na may kaugnayan sa aralin. | 3.07 | Marunong |
| 10. Naiuugnay ko ang pampanitikang salita sa konteksto ng kultura at lipunan. | 3.24 | Marunong |
| 11. Nakapagbibigay ako ng komprehensibong paliwanag ng wika bilang instrumento ng komunikasyon. | 3.05 | Marunong |
| 12. Nakasusunod ako sa pamantayan ng pagbabaybay ng mahihirap na salita. | 2.95 | Marunong |
| 13. Nakapagbibigay ako ng halimbawang pangungusap gamit ang terminolohiyang napag-aralan. | 3.13 | Marunong |
| 14. Nakatutulong ako sa paglinang ng talasalitaan ng mga mag-aaral. | 3.14 | Marunong |
| 15. Nakapagbibigay ako ng malinaw na paliwanag sa mga tuntunin ng Filipino. | 3.21 | Marunong |
| ***Mean*** | ***3.12*** | ***Marunong*** |

*Talahanayan 1: Antas ng Kakayahang Pangwika ng mga Respondente*

Makikita sa Talahanayan 1 ang antas ng kakayahang pangwika ng mga gurong non-Filipino major sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Batay sa resulta, ang kabuuang mean na *3.12* na may katumbas na kwalitatibong deskripsyon na *"Marunong."* Ipinahihiwatig nito na ang mga gurong non-Filipino major ay nagtataglay ng sapat na kakayahan sa paggamit ng wikang Filipino sa kanilang pagtuturo. Ipinakita ng resulta na nagagawa ng mga guro na maipaliwanag ang wastong gamit ng mga salita, makabuo ng tamang pangungusap batay sa tuntunin ng gramatika, at makapagbigay ng malinaw na paliwanag sa mga konseptong pangwika na mahalaga sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinapakita lamang nito na hindi man nila medyor ang Filipino ay nagagamit pa rin nila nang tama at makabuluhan ito sa kanilang pagtuturo sa mga mag-aaral.

Sa kabilang banda makikita rin sa talahanayan na ang pinakamataas na mean na *3.45* ay mula sa pahayag na *"Nakikilala ko ang iba't ibang anyo ng teksto (naratibo, deskriptibo, ekspositori)"* na may deskripsyong *Lubos na Marunong*. Ipinahihiwatig nito na may sapat na kakayahan ang mga guro sa pagkilala at pag-unawa sa iba't ibang uri ng teksto na mahalagang bahagi sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Sa ganitong paraan naipaliliwanag ng mga guro ang pagkakaiba ng mga uri ng teksto.

Samantala, ang pinakamababang mean na *2.95* ay makikita sa mga pahayag na *"Nakapagbibigay ako ng tamang halimbawa ng mga idyoma at kolokyal na salita"* at *"Nakatutulong ako sa pamantayan ng pagbabaybay ng mahihirap na salita."* Bagama't ito ang may pinakamababang mean, nananatili pa rin itong nasa antas na *Marunong*. Ipinapahiwatig nito na bagama't may kakayahan ang mga guro sa paggamit ng wikang Filipino, maaaring may ilang aspeto ng mas malalim na bokabularyo at ekspresyong pangwika na nangangailangan pa ng higit na pagpapalawak ng kaalaman at karanasan sa pagtuturo.

Ang resulta ay umaayon sa konsepto ng *Pedagogical Content Knowledge* (PCK) na ipinaliwanag ni Shulman (1987), kung saan mahalagang taglay ng guro ang kakayahang maipaliwanag ang nilalaman ng aralin sa paraang mauunawaan ng mga mag-aaral at magiging lubos ang pagkatuto ng bawat mag-aaral. Dagdag pa rito, ayon kina Gess-Newsome et al. (2019), ang kakayahang pedagogical ng guro ay patuloy na nahuhubog sa pamamagitan ng karanasan sa pagtuturo at patuloy na pagkatuto sa propesyon.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang mga non-Filipino major na guro ay may sapat na kakayahang pangwika upang maisagawa ang kanilang tungkulin sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral, bagama't mahalaga pa ring mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa wika upang higit na mapabuti ang kalidad ng pagtuturo.

| Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Natutukoy ko ang mga pangunahing tema at elemento ng binasang akdang pampanitikan. | 3.35 | Lubos na Marunong |
| 2. Nakapagbibigay ako ng halimbawa ng mga tekstong pampanitikan mula sa iba't ibang rehiyon, kabilang ang tradisyunal, popular, at kontemporaryo. | 3.07 | Marunong |
| 3. Naipaliliwanag ko ang tema at simbolismong ginamit sa akdang pampanitikan. | 3.29 | Lubos na Marunong |
| 4. Naipaliliwanag ko ang pananaw at layunin ng may-akda sa akdang binasa. | 3.35 | Lubos na Marunong |
| 5. Naipaliliwanag ko ang kahalagahan at epekto ng panitikan sa paghubog ng saloobin at identidad ng Pilipino. | 3.16 | Marunong |
| 6. Naiuugnay ko ang akdang pampanitikan sa mga kontemporaryong isyu sa lipunan. | 3.15 | Marunong |
| 7. Naiuugnay ko ang panitikan sa iba pang disiplina tulad ng kasaysayan, sosyolohiya, at pilosopiya. | 3.12 | Marunong |
| 8. Nasusuri ko ang mga tauhan at banghay ng isang akdang pampanitikan. | 3.19 | Marunong |
| 9. Nasusuri ko ang ugnayan ng mga elementong pampanitikan sa makro-konteksto ng lipunan. | 3.13 | Marunong |
| 10. Natutukoy ko ang mga tradisyunal at modernong anyo ng panitikan batay sa kanilang katangian at layunin. | 3.11 | Marunong |
| 11. Nakapagbibigay ako ng makabuluhang interpretasyon at pagpapahalaga sa tekstong pampanitikan. | 3.14 | Marunong |
| 12. Nakapagbibigay ako ng kritikal na pagsusuri gamit ang angkop na teoryang pampanitikan. | 2.99 | Marunong |
| 13. Nakapagbibigay ako ng makabuluhang tanong na nagpapalalim sa pag-unawa sa akda. | 3.20 | Marunong |
| 14. Nakakapagdisenyo ako ng makabuluhang gawain o aktibidad kaugnay ng pagbasa at pagsusuri ng panitikan. | 3.12 | Marunong |
| 15. Nahihikayat ko ang mga mag-aaral na magpahayag at lumikha ng sariling interpretasyon sa akdang pampanitikan. | 3.17 | Marunong |
| ***Mean*** | ***3.17*** | ***Marunong*** |

*Talahanayan 2: Antas ng Kakayahang Pampanitikan ng mga Respondente*

Ipinapakita sa talahanayan 2 ang antas ng kakayahan ng mga gurong non-Filipino major sa pagtuturo ng Filipino batay sa kasanayang pampanitikan.

Batay sa kabuuang resulta, nakakuha ito ng overall mean na *3.17* na may kwalitatibong deskripsyon na *"Marunong."* Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay may sapat na kakayahan sa pag-unawa at pagtuturo ng mga konseptong pampanitikan, bagama't may ilang aspekto pa na maaaring higit pang mapalakas upang maging mas epektibo ang kanilang pagtuturo.

Makikita sa mga pahayag na pinakamataas ang mean na *3.35* sa dalawang indikador*: (1) natutukoy ko ang mga pangunahing tema at elemento ng binasang akdang pampanitikan at (4) naipapaliwanag ang pananaw at layunin ng may-akda,* na parehong may deskripsyong "Lubos na Marunong." Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay may mataas na kakayahan sa pag-unawa sa pangunahing nilalaman at mensahe ng mga akdang pampanitikan, na mahalagang bahagi sa epektibong pagtuturo ng panitikan.

Gayunpaman, ang pinakamababang mean na *2.99* ay makikita sa pahayag na "*nakapagbibigay ng kritikal na pagsusuri gamit ang angkop na teoryang pampanitikan"*, bagama't nananatili pa rin ito sa antas na "Marunong." Maaaring ipahiwatig nito na ang paggamit ng mga teoryang pampanitikan sa mas malalim na pagsusuri ng akda ay isa sa mga aspektong nangangailangan pa ng higit na pagpapalakas o karagdagang pagsasanay para sa mga guro.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa konsepto ng Pedagogical Content Knowledge (Shulman, 1986) na nagsasabing mahalaga ang malalim na pag-unawa sa nilalaman upang maging epektibo ang pagtuturo. Gayundin, ipinakita nina Toquero at Capistrano (2024) na ang pagtuturo ng panitikan ay nangangailangan ng mataas na antas ng interpretasyon at kritikal na pagsusuri.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang mga gurong non-Filipino major ay may sapat na kakayahan sa pagtuturo ng panitikan, lalo na sa pag-unawa sa tema, layunin ng may-akda, at pagsusuri ng mga elemento ng akda. Gayunpaman, inirerekomenda ang patuloy na propesyonal na pag-unlad at pagsasanay, partikular sa paggamit ng mga teoryang pampanitikan at mas malalim na kritikal na pagsusuri, upang higit pang mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng panitikang Filipino.

| Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Nakapagpaplano ako ng pang-aralin na may angkop na aktibidad sa pakikinig, pagsasalita, at pakikipag-usap ng mga mag-aaral. | 3.24 | Marunong |
| 2. Nakapagsasagawa ako ng mga aktibidad sa pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang tekstong Filipino. | 3.19 | Marunong |
| 3. Naipaliliwanag ko ang mga pangunahing punto at ideya sa binasa o napakinggang teksto. | 3.20 | Marunong |
| 4. Nakatutulong ako sa pagbuo ng sulatin batay sa impormasyong nabasa o napakinggan. | 3.27 | Lubos na Marunong |
| 5. Nakapagbibigay ako ng epektibong puna sa pagsasalita at presentasyon ng mga mag-aaral. | 3.12 | Marunong |
| 6. Nakapag-oorganisa ako ng pagbabahagian ng kaalaman at talakayan upang malinang ang ideya at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. | 3.17 | Marunong |
| 7. Naipaliliwanag ko ang proseso ng pananaliksik at ang wastong paggamit ng datos. | 3.15 | Marunong |
| 8. Nakapagbibigay ako ng gabay sa pagbuo ng sanaysay at akademikong sulatin. | 3.15 | Marunong |
| 9. Nakapagtuturo ako ng tamang proseso sa pagbuo ng buod at sintesis. | 3.11 | Marunong |
| 10. Nakapagpaplano ako ng mga gawain sa pagbuo ng tekstong argumentatibo at ekspositori. | 3.14 | Marunong |
| 11. Nakatutulong ako sa paggamit ng wastong bokabularyo sa pasalita at pasulat na komunikasyon. | 3.11 | Marunong |
| 12. Nakapagtuturo ako ng tamang paraan ng pag-interpret at pagsusuri ng datos sa pananaliksik. | 3.09 | Marunong |
| 13. Nakapagbibigay ako ng mga halimbawa ng tekstong impormatibo at iba pang uri ng teksto. | 3.16 | Marunong |
| 14. Nakapagtuturo ako ng wastong paraan ng paggawa ng presentasyon batay sa tekstong Filipino. | 3.05 | Marunong |
| 15. Nakapagtuturo ako ukol sa iba't ibang gamit ng wika sa lipunan at nakakasiguro sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa paksa. | 3.10 | Marunong |
| ***Mean*** | ***3.15*** | ***Marunong*** |

*Talahanayan 3 Antas ng Kakayahang Komunikatibo ng mga Respondente*

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang antas ng kakayahang komunikatibo ng mga respondente batay sa iba't ibang indikador tulad ng pagpapahayag, pag-unawa, pakikinig, pananaliksik, at tekstong komunikatibo.

Batay sa kabuuang resulta, nakakuha ang mga respondente ng kabuuang mean na *3.15* na may kwalitatibong deskripsyong *"Marunong."* Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay may sapat na kakayahan sa paggamit ng wika sa akademikong konteksto, partikular sa pag-unawa at pagbuo ng mga tekstong may kaugnayan sa kanilang pag-aaral. Gayunpaman, bagama't maituturing na mahusay ang kanilang kakayahan, nagpapakita rin ang resulta na may puwang pa para sa higit pang pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa komunikasyon, lalo na sa mas mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at akademikong diskurso.

Makikita rin sa talahanayan na ang pinakamataas na mean *3.27* ay mula sa pahayag na *"Nakatutulong ako sa pagbuo ng sulatin batay sa impormasyong nabasa o napakinggan,"* na may deskripsyong "*Lubos na Marunong."* Ipinapakita nito na ang mga respondente ay may mataas na kakayahan sa pagproseso at paggamit ng impormasyon upang makabuo ng makabuluhang

sulatin. Ipinahihiwatig din nito na ang mga guro ay nakapaglalapat ng kanilang kaalaman mula sa pagbasa at pakikinig tungo sa produktibong gawain tulad ng pagsulat, na isang mahalagang kasanayan sa akademikong pagkatuto.

Sa kabilang banda, ang pinakamababang mean *3.05* ay mula sa pahayag na *"Nakapagtuturo ako ng wastong paraan ng paggawa ng presentasyon batay sa tekstong Filipino."* Bagama't ito ay nananatiling nasa antas na *"Marunong,"* ipinahihiwatig nito na ang aspeto ng presentasyon at pagpapakita ng impormasyon sa harap ng iba ay isa sa mga kasanayang nangangailangan pa ng higit na pagsasanay at paglinang.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa *Social Constructivist Theory (Vygotsky, 1978)* na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng komunikasyon at interaksyon sa pagkatuto. Gayundin, ipinahayag ni *Gess-Newsome (2019)* na ang kakayahang komunikatibo ay nahuhubog sa aktuwal na karanasan sa pagtuturo.

Sa kabuuan, ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga respondente ay may sapat na antas ng kakayahang komunikatibo sa iba't ibang dimensyon ng akademikong komunikasyon tulad ng pagbasa, pagsusuri, pagsulat, at presentasyon ng impormasyon. Ang mga kasanayang ito ay mahalaga sa pagbuo ng kritikal at analitikal na pag-iisip, na kinakailangan sa mas mataas na antas ng pagkatuto at pananaliksik. Gayunpaman, ipinahihiwatig din ng resulta na nararapat pang palakasin ang ilang aspeto ng komunikasyon upang higit na mapabuti ang kanilang kahusayan sa paggamit ng wika sa akademikong konteksto.

| Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Nakagagawa ako ng banghay-araling naaayon sa MELC's at performance standards ng DepEd. | 3.48 | Lubos na Marunong |
| 2. Nakapag-aayos at nakapipili ako ng kagamitang pampagkatuto para sa pagtuturo ng Filipino. | 3.36 | Lubos na Marunong |
| 3. Nakapipili at nakapagpapatupad ako ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. | 3.31 | Lubos na Marunong |
| 4. Naiaangkop at naisasagawa ang kinakailangang modipikasyon sa instruksyon at aralin batay sa kakayahan at puna ng mga mag-aaral. | 3.28 | Lubos na Marunong |
| 5. Nakakapagbigay ako ng malinaw na instruksyon at mga layuning pampagkatuto ng mga mag-aaral. | 3.34 | Lubos na Marunong |
| *6.* Nakakapaggamit ako ng iba't ibang kagamitan sa pagtataya sa Filipino. | 3.31 | Lubos na Marunong |
| 7. Nakakapagbigay ako ng makabuluhang puna upang mapaunlad ang pagkatuto ng mag-aaral. | 3.26 | Lubos na Marunong |
| 8. Namomonitor at nakakapagtala ako ng progreso sa pagkatuto ng mag-aaral. | 3.33 | Lubos na Marunong |
| 9. Nakapagbibigay ako ng mga gawaing pampagpapaunlad at pantulong batay sa MELCs at antas ng pagkatuto. | 3.27 | Lubos na Marunong |
| 10. Nalilinang ko ang masining, malikhaing pagpapahayag, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pagtuturo ko ng Filipino. | 3.11 | Marunong |
| 11. Nakapagpapatupad ako ng mga gawain sa pag-unawa at pagsusuri ng teksto. | 3.22 | Marunong |
| 12. Nakapagtataya ako ng sulatin ng mga mag-aaral batay sa DepEd performance standards. | 3.34 | Lubos na Marunong |
| 13. Nakagagamit ako ng malinaw na rubrics para sa indibidwal at pangkatang gawain. | 3.35 | Lubos na Marunong |
| 14. Nakakapag-integrate ako ng kultura at konteksto sa pagtuturo ng Filipino. | 3.15 | Marunong |
| 15. Nakakapagtataguyod ako ng respeto at pagpapahalaga sa Filipino sa loob ng silid-aralan. | 3.35 | Lubos na Marunong |
| ***Mean*** | ***3.30*** | ***Lubos na Marunong*** |

*Talahanayan 4: Antas ng Kakayahang Pedagohikal ng mga Respondente*

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang antas ng pedagogical competence sa pagtuturo ng Filipino ng mga respondente batay sa mga pamantayang itinakda ng Department of Education (DepEd), partikular sa mga aspeto ng pagpaplano ng aralin, aktuwal na pagtuturo at pagtataya (assessment). Batay sa kabuuang resulta, nakakuha ang mga respondente ng mean na *3.30* na may kwalitatibong deskripsyong *"Lubos na Marunong."* Ipinahihiwatig nito na ang mga respondente ay may mataas na antas ng kakayahan sa paggamit ng angkop na estratehiya at pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino alinsunod sa mga pamantayang pang-edukasyon.

Makikita sa talahanayan na ang pinakamataas na mean *3.48* ay mula sa pahayag na *"Nakagagawa ako ng banghay-aralin na naaayon sa MELC's at performance standards ng DepEd."* Ito ay may deskripsyong *"Lubos na Marunong,"* na nagpapahiwatig na ang mga respondente ay may matibay na kakayahan sa pagpaplano ng aralin batay sa *Most Essential Learning Competencies (MELCs)* at sa mga itinakdang pamantayan ng pagkatuto. Ipinapakita nito na ang mga respondente ay may sapat na kaalaman sa pagbuo ng sistematikong plano sa pagtuturo na nagsisilbing gabay sa epektibong paghahatid ng aralin sa klase.

Samantala, ang pinakamababang mean *3.11* ay mula sa pahayag na *"Nililinang ang masining, malikhaing pagpapahayag at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng Filipino."* Bagama't ito ay may deskripsyong *"Marunong,"* ipinahihiwatig nito

na ang aspeto ng pagpapaunlad ng malikhaing pagpapahayag at kritikal na pag-iisip ay isa sa mga bahagi ng *pedagogical competence* na nangangailangan pa ng higit na pagpapaigting at pagsasanay. Mahalaga ang kakayahang ito upang mahubog ang mga mag-aaral na maging mapanuri, malikhain, at epektibong tagagamit ng wika sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa konsepto ng *Pedagogical Content Knowledge (Shulman, 1986)* na nagsasabing mahalaga ang kakayahang pedagogical sa epektibong pagtuturo. Gayundin, ipinahayag nina *Trošelj et al. (2021)* na ang mataas na pedagogical competence ay kaugnay ng mas epektibong classroom practice.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta ng talahanayan na ang mga respondente ay may mataas na antas ng pedagogical competence sa pagtuturo ng Filipino, lalo na sa mga aspekto ng pagpaplano ng aralin, paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo, at pagtataya ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang ganitong antas ng kakayahan ay mahalaga upang matiyak ang de-kalidad na pagtuturo ng wika at upang mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

| Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Nahihirapan akong ipaliwanag ang mga konsepto ng balarila; kabilang ang bahagi ng pananalita at estruktura ng pangungusap. | 2.73 | Kadalasang Hamon |
| 2. Mahirap para sa akin ang pagtuturo at pagpapaliwanag ng mga tekstong pampanitikan, lalo na sa pagsusuri at interpretasyon nito. | 2.56 | Kadalasang Hamon |
| 3. Nahihirapan akong gabayan ang mag-aaral sa tamang paggamit ng Filipino sa pasulat, kabilang ang akademikong sulatin. | 2.43 | Kaunting Hamon |
| 4. Nahihirapan ako sa pagbibigay ng malinaw at wastong halimbawa ng pangungusap sa pagtuturo. | 2.25 | Kaunting Hamon |
| 5. Nahihirapan akong ipaliwanag ang mga teknikal na termino, idyoma, at sawikain sa Filipino. | 2.67 | Kadalasang Hamon |
| *6.* Mahirap para sa akin ang pagtuturo ng tamang paggamit ng ortograpiya. | 2.65 | Kadalasang Hamon |
| 7. Nakararamdam ako ng kakulangan sa aking kaalaman sa leksikon at bokabularyo ng Filipino. | 2.88 | Kadalasang Hamon |
| 8. Nahihirapan akong ipaliwanag ang sintaks at semantika sa paraang maiintindihan ng mag-aaral. | 2.96 | Kadalasang Hamon |
| 9. Nahihirapan akong ipakita ang ugnayan ng wika, kultura, at konteksto ng mag-aaral sa pagtuturo. | 2.51 | Kadalasang Hamon |
| 10. Mahirap para akin ang pagtuturo ng mga pampanitikang akdang may malalim na aral at simbolismo. | 2.51 | Kadalasang Hamon |
| 11. Nahihirapan akong ipaliwanag ang kahulugan at gamit ng pormal at di-pormal na wika, kabilang ang mga antas nito. | 2.44 | Kaunting Hamon |
| 12. Nakararamdam ako ng kakulangan sa aking kakayahan sa pagsusuri ng panitikan. | 2.31 | Kaunting Hamon |
| 13. Mahirap para sa akin ang pagkonekta ng aralin sa kasanayang pampagkatuto ng DepEd. | 2.05 | Kaunting Hamon |
| 14. Nahihirapan akong gawing simple at malinaw ang mga komplikadong konsepto sa Filipino. | 2.40 | Kaunting Hamon |
| 15. Nakararamdam ako ng pangkalahatang kakulangan sa aking kaalaman at kasanayan sa Filipino upang epektibo ko itong maituro. | 2.57 | Kadalasang Hamon |
| ***Mean*** | ***2.53*** | ***Kadalasang Hamon*** |

*Talahanayan 5: Antas ng Hamon sa Nilalaman at Kakayahang Pang-asignatura ng mga Respondente*

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang antas ng hamon na nararanasan ng mga *non-Filipino major* sa pagtuturo ng asignaturang Filipino batay sa iba't ibang pahayag na may kaugnayan sa nilalaman at kakayahang pang-asignatura.

Batay sa kabuuang resulta, nakakuha ang talahanayan ng kabuuang mean na *2.53* na may deskripsiyong *"Kadalasang Hamon."* Ipinapahiwatig nito na ang mga guro na hindi nag-medyor sa Filipino ay nakararanas ng katamtamang antas ng kahirapan sa pagtuturo ng asignatura. Ibig sabihin, bagama't may sapat silang kakayahan upang maituro ang Filipino, may ilang aspeto pa rin ng asignatura na nagdudulot ng hamon sa kanilang pagtuturo.

Sa mga pahayag, ang pinakamataas na mean *(2.96)* ay matatagpuan sa pahayag na *"Nahihirapan akong ipaliwanag ang sintaks at semantika sa paraang maiintindihan ng mag-aaral."* Ito ay may deskripsiyong "*Kadalasang Hamon*," na nagpapahiwatig na ang mga konseptong pangwika tulad ng *sintaks at semantika* ay isa sa mga pinakakaraniwang nahihirapan ipaliwanag ng mga guro. Maaaring ito ay dahil sa pagiging teknikal at mas malalim na pag-unawa na kinakailangan sa mga konseptong ito.

Sumunod naman ang pahayag 7 na may mean na *2.88*, na tumutukoy sa kakulangan sa kaalaman sa leksikon at bokabularyong Filipino. Ipinapakita nito na nagiging hamon din para sa mga guro ang malalim na kaalaman sa bokabularyo ng wika, lalo na kung hindi ito ang kanilang espesyalisasyon.

Samantala, ang pinakamababang mean 2.05 ay nasa pahayag na "*Nahihirapan ako sa aking pagkonekta ng aralin sa kasanayang pampagkatutong DepEd."* Bagama't ito ang may pinakamababang marka, nananatili pa rin itong nasa antas na *"Katamtamang Hamon,"* na nangangahulugang may kaunting hamon pa rin ngunit hindi gaanong nararanasan kumpara sa ibang aspeto ng pagtuturo.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa konsepto ng *out-of-field teaching (Hobbs & Porsch, 2021)* na nagsasabing ang mga gurong nagtuturo sa labas ng kanilang espesyalisasyon ay nakararanas ng kahirapan sa nilalaman ng asignatura. Gayundin, ipinakita nina *Bausa at Marbella (2024)* na ang mga guro ay nahihirapan sa gramatika at teknikal na aspeto ng Filipino.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang mga hamon ng mga *non-Filipino major* ay karaniwang nakatuon sa malalalim na konsepto ng wika, teknikal na terminolohiya, at pagpapaliwanag ng mga estrukturang panggramatika. Gayunpaman, ang pangkalahatang antas ay katamtaman lamang, na nagpapahiwatig na nagagawa pa rin nilang maisakatuparan ang kanilang tungkulin sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

| Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Nahihirapan akong pumili at magkonekta ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng Filipino batay sa antas at kakayahan ng mag-aaral. | 2.56 | Kadalasang Hamon |
| 2. Mahirap para sa akin ang pagpaplano ng mga aktibidad na naka-eengganyo at klaseng nakatuon sa mga mag-aaral. | 2.39 | Kaunting Hamon |
| 3. Mahirap para sa akin ang paggamit at integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino. | 2.34 | Kaunting Hamon |
| 4. Nahihirapan akong magdisenyo ng pagsusulit, pamantayan sa pagbibigay ng grado, at iba't ibang uri ng pagtataya sa Filipino. | 2.13 | Kaunting Hamon |
| 5. Mabigat para sa akin ang paghahanda ng aralin na naaayon sa MELCs at kasanayang pampagkatuto. | 2.46 | Kaunting Hamon |
| *6.* Nahihirapan akong isagawa ang pagtuturo sa Filipino na nakatuon sa mag-aaral at aktibong partisipasyon. | 2.29 | Kaunting Hamon |
| 7. Mahirap para sa akin ang paggamit ng mga aktibidad na nagpapalawak o nagpapalakas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. | 2.49 | Kaunting Hamon |
| 8. Nahihirapan akong magplano at magsagawa ng epektibong pangkatang gawain sa Filipino. | 2.46 | Kaunting Hamon |
| 9. Mabigat para sa akin ang pagsasagawa ng formative assessment at pagbibigay ng patuloy na puna sa klase. | 2.15 | Kaunting Hamon |
| 10. Nahihirapan akong iakma ang oras ng pagtuturo batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral. | 2.36 | Kaunting Hamon |
| 11. Mahirap para sa akin ang pagsasama ng panitikan sa pang-araw-araw na gawain at aralin.. | 2.37 | Kaunting Hamon |
| 12. Nahihirapan akong magdisenyo ng mga gawaing pantulong at pampagpapaunlad para sa iba't ibang uri ng mag-aaral. | 2.42 | Kaunting Hamon |
| 13. Nahihirapan akong hikayatin ang mag-aaral na aktibong makilahok sa mga gawain sa Filipino. | 2.24 | Kaunting Hamon |
| 14. Nahihirapan akong ituro at linangin ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. | 2.37 | Kaunting Hamon |
| 15. Mahirap para sa akin ang pag-monitor at pag-evaluate sa oral at written performance ng bawat mag-aaral. | 2.43 | Kaunting Hamon |
| ***Mean*** | ***2.36*** | ***Kaunting Hamon*** |

*Talahanayan 6: Antas ng Hamon sa Estratehiya at Pamamaraan sa Pagtuturo ng mga Respondente*

Batay sa kabuuang resulta, nakakuha ang talahanayan ng mean na *2.36* na may deskripsiyong *"Kaunting Hamon."* Ipinapahiwatig nito na sa pangkalahatan, hindi gaanong nahihirapan ang mga guro sa paggamit ng mga estratehiya at pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino. Ibig sabihin, nagagawa nilang makapili at makagamit ng mga angkop na paraan upang maipaliwanag at maihatid ang aralin sa kanilang mga mag-aaral

Sa mga pahayag, ang pinakamataas na mean *2.56* ay makikita sa pahayag na "*Nahihirapan akong pumili at magkonekta ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng Filipino batay sa antas at kakayahan ng mag-aaral."* na may deskripsiyong "*Kadalasang Hamon*." Ipinapakita nito na ang pagpili ng angkop na estratehiya na akma sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral ay isa sa mga pangunahing hamon na kinahaharap ng mga guro.

Samantala, ang pinakamababang mean (2.13) ay matatagpuan sa pahayag na "*Nahihirapan akong magdisenyo ng pagsusulit, pamantayan sa pagbibigay ng grado, at iba't ibang uri ng pagtataya sa Filipino."* na may deskripsiyong "Kaunting Hamon." Ipinapahiwatig nito na bagama't may kaunting hamon, nagagawa pa rin ng mga guro na makabuo ng mga pagtataya at pamantayan sa pagmamarka para sa kanilang mga mag-aaral.

Makikita rin sa iba pang pahayag na ang mga guro ay nakararanas lamang ng kaunting hamon sa paggamit ng teknolohiya, pagsasagawa ng *student-centered* na pagtuturo, pagbibigay ng mga gawaing pangkat, at paggamit ng *formative assessment*. Ipinapakita nito na may kakayahan ang mga guro na gamitin ang iba't ibang estratehiya upang maging mas epektibo ang kanilang pagtuturo.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Du Plessis et al. (2015) na nagsasabing ang mga gurong out-of-field ay may kakayahang gumamit ng iba't ibang estratehiya ngunit nahihirapan sa pagpili ng pinakaangkop na pamamaraan. Gayundin, ipinahayag nina Hobbs at Porsch (2021) na ang hamon ay kadalasang nasa pag-aangkop ng estratehiya sa konteksto ng mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng resulta na bagama't may ilang aspeto ng estratehiya at pamamaraan na nagiging hamon, ang mga *non-Filipino major* ay may sapat na kakayahan sa paggamit ng iba't ibang paraan ng pagtuturo. Ang mga hamon ay kadalasang nakatuon sa pagpili ng angkop na estratehiya na tumutugon sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral.

| Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Nahihirapan akong mahikayat ang mag-aaral na maging interesado at magkaroon ng positibong pananaw sa asignaturang Filipino. | 2.45 | Kaunting Hamon |
| 2. Mahirap para sa akin ang pag-engganyo sa mag-aaral na aktibong makilahok sa talakayan at iba't ibang gawain. | 2.42 | Kaunting Hamon |
| 3. Nahihirapan akong panatilihin ang atensyon at interes ng klase sa mga aralin sa Filipino. | 2.51 | Kadalasang Hamon |
| 4. Mahirap para sa akin na hikayatin ang mga mag-aaral na makilahok sa klase. | 2.27 | Kaunting Hamon |
| 5. Nahihirapan akong paunlarin ang kumpiyansa at pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino. | 2.52 | Kadalasang Hamon |
| *6.* Mahirap para sa akin ang paglikha ng positibong kapaligiran sa klase para sa pagkatuto ng Filipino | 2.31 | Kaunting Hamon |
| 7. Nahihirapan akong turuan at hikayatin ang mag-aaral na gumawa ng sariling sulatin sa Filipino. | 2.54 | Kadalasang Hamon |
| 8. Mahirap para sa akin ang pagtuturo sa mag-aaral na madalas mag-code switch o mas gumagamit ng ibang wika. | 2.66 | Kadalasang Hamon |
| 9. Nahihirapan akong itaguyod ang respeto at pagpapahalaga sa wikang Filipino sa loob ng klase. | 2.49 | Kaunting Hamon |
| 10. Nahihirapan akong magturo sa mga mag-aaral na may mababang panloob na motibasyon. | 2.52 | Kadalasang Hamon |
| 11. Nahihirapan akong hikayatin ang mag-aaral na magbasa ng mga pampanitikang akda. | 2.45 | Kaunting Hamon |
| 12. Mahirap para sa akin ang pagbibigay ng makabuluhang puna sa mag-aaral na hindi interesado sa aralin. | 2.45 | Kaunting Hamon |
| 13. Nahihirapan akong maipakita sa mag-aaral ang kahalagahan at kabuluhan ng Filipino sa kanilang buhay. | 2.31 | Kaunting Hamon |
| 14. Nahihirapan akong hikayatin ang mag-aaral na ipractice ang Filipino sa loob at labas ng klase. | 2.48 | Kaunting Hamon |
| 15. Mahirap para sa akin ang pag-adjust ng aralin at estratehiya ayon sa saloobin at interes ng mag-aaral | 2.65 | Kadalasang Hamon |
| ***Mean*** | ***2.47*** | ***Kaunting Hamon*** |

*Talahanayan 7: Antas ng Hamon sa Saloobin ng mga mag-aaral ng mga Respondente*

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang antas ng hamon na nararanasan ng mga *non-Filipino major* kaugnay ng saloobin at motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino.

Batay sa kabuuang resulta, nakakuha ang talahanayan ng mean na *2.47* na may deskripsiyong *"Kaunting Hamon."* Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan, hindi gaanong nahihirapan ang mga guro sa pagharap sa saloobin at motibasyon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Gayunpaman, may ilang sitwasyon pa rin na nagdudulot ng hamon sa pagpukaw ng interes at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase.

Sa mga pahayag, ang pinakamataas na mean *(2.66)* ay matatagpuan sa pahayag na *"Mahirap para sa akin ang pagtuturo sa mag-aaral na madalas mag-code switch o mas gumamit ng ibang wika."* na may deskripsiyong *"Kadalasang Hamon".* Ipinapakita nito na isa sa mga pangunahing hamon sa pagtuturo ng Filipino ay ang ugali ng ilang mag-aaral na gumamit ng ibang wika o mag-code switch, na maaaring makaapekto sa kanilang pagkatuto at paggamit ng wikang Filipino.

Sumunod naman ang pahayag na *"Mahirap para sa akin ang pag-adjust ng aralin at estratehiya ayon sa saloobin at interes ng mga mag-aaral."* na may mean na *2.65* at deskripsiyong *"Kadalasang Hamon".* Ipinapahiwatig nito na nagiging hamon din para sa mga guro ang pag-aangkop ng kanilang pamamaraan sa pagtuturo upang tumugma sa interes at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Samantala, ang pinakamababang mean (2.27) ay makikita sa pahayag na *"Mahirap para sa akin na hikayatin ang mga mag-aaral na makilahok sa klase."* na may deskripsiyong *"Kaunting Hamon".* Ipinapakita nito na bagama't may kaunting hamon, nagagawa pa rin ng mga guro na hikayatin ang mga mag-aaral na makibahagi sa mga gawain sa klase.

Makikita rin sa ibang pahayag na ang mga guro ay nakararanas lamang ng kaunting hamon sa paghikayat ng interes ng mga mag-aaral, pagpapaunlad ng kanilang kumpiyansa sa paggamit ng Filipino, at pagpapakita ng pagpapahalaga sa wikang Filipino.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa *Social Constructivist Theory (Vygotsky, 1978)* na nagbibigay-diin sa papel ng interaksyon at wika sa pagkatuto. Gayundin, ipinakita nina Wheeley et al. (2023) na ang mga hamon sa motibasyon ay maaaring maiugnay sa konteksto at wika na ginagamit ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng resulta na bagama't may ilang hamon na may kaugnayan sa saloobin at motibasyon ng mga mag-aaral, lalo na sa paggamit ng ibang wika at pag-aangkop ng estratehiya sa kanilang interes, ang pangkalahatang antas ng hamon ay kaunti lamang. Ipinapakita nito na may kakayahan ang mga guro na pamahalaan at gabayan ang mga mag-aaral upang maging mas positibo ang kanilang saloobin at motibasyon sa pag-aaral ng asignaturang Filipino.

| Statement Indicators | Mean | Qualitative Description |
|---|---|---|
| 1. Gumagawa ako ng banghay-aralin bago magturo na may malinaw na layunin at daloy ng aralin. | 3.95 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 2. Ino-organisa at sinusuri ko ang mga layunin ng aralin ayon sa DepEd learning competencies, Curriculum Guide at MELCs. | 3.75 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 3. Pinipili ko ang angkop na estratehiya batay sa kakayahan at pangangailangan ng mag-aaral. | 3.92 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 4. Inihahanda ko ang materyales, handouts, at visual aids bago magsimula ang aralin. | 3.86 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 5. Pinaplano ko ang oras at ang daloy ng aralin upang mas madaling maunawaan ng mag-aaral. | 3.91 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| *6.* Gumagamit ako ng talakayang pasalita at tanong-sagot na pamamaraan upang paunlarin ang kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. | 3.72 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 7. Pinapagawa ko ang *guided speaking exercises* bago ang isahang pasalitang gawain ng mga mag-aaral | 3.36 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 8. Gumagamit ako ng malikhaing pagkukwento, dula-dulaan, debate, masining na pagpapahayag bilang estratehiya sa pagtuturo. | 3.77 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 9. Isinasagawa ko ang tamang pagbigkas, wastong tono, intonasyon, at artikulasyon sa pagsasalita bilang gabay ng mga mag-aaral. | 3.72 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 10. Nagbibigay ako ng puna mula sa mga mag-aaral sa pasalitang pagtatanghal pakatapos. | 3.56 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 11. Isinasagawa ko ang mga pre-reading activities, gaya ng prediction at choral/shared reading, bago simulan ang pagbasa ng teksto. | 3.73 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 12. Gumagamit ako ng gabay sa pagbasa, pagtutok at suporta (scaffolding), at malalimang pagtatanong upang suportahan ang pag-unawa ng mga mag-aaral. | 3.78 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 13. Pinapadali ko ang pag-unawa, mapanuring pagbasa, at pagyaman ng talasalitaan sa pamamagitan ng mga biswal na pantulong, pag-aayos ng mga ideya, at paglalagay ng tala sa teksto. | 3.93 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 14. Pinapagawa ko ang pagbubuod, pag-uugnay ng mga ideya, pagninilay, at talakayan matapos ang pagbasa upang higit na mapalalim ang pag-unawa. | 3.66 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 15. Pinadadali ko ang analysis ng tauhan, banghay, tema, at konteksto sa teksto o panitikan. | 3.73 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 16. Pinapagawa ko ang mga gawaing paghahanda sa pagsulat, paglabas ng mga ideya, at mga ginabayang pagsasanay bago magsulat ang mga mag-aaral. | 3.95 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 17. Pinadadali ko ang malikhain at mapanuring pagsulat, tulad ng pagjo-journal, repleksibong pagsulat, tula, kuwento, at dula. | 3.80 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 18. Pinapagawa ko ang pagsulat ng burador, pagwawasto, at pag-aayos ng sulatin at nagbibigay ng malinaw na gabay sa bawat hakbang. | 3.78 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 19. Gumagamit ako ng kolaboratibong pagsulat at pagsusuri/pagwawasto ng kapwa mag-aaral upang mapaunlad ang mga output ng mga mag-aaral. | 3.62 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| 20. Pinapadali ko ang pag-uugnay ng panitikan at makabagong konteksto sa mga gawain sa pagsulat upang mahubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malikhaing at akademikong sulatin. | 4.00 | Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo |
| ***Mean*** | ***3.77*** | ***Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo*** |

*Talahanayan 8: Antas ng Paggamit ng Estratehiya ng mga Respondente*

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang antas ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ng mga non-Filipino na medyor. Batay sa resulta, ang kabuuang mean ay *3.77* na may katumbas na kwalitatibong deskripsyon na *"Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo."* Ipinapahiwatig nito na ang mga guro ay madalas gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino upang maging mas malinaw at mas epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Makikita rin sa talaan na ang ilang estratehiya ay may pinakamataas na mean. Halimbawa, ang pagpapapagawa ng mga gawaing may kaugnayan sa tunay na konteksto sa pagsusulat ay may mean na 4.00, na nangangahulugang ito ang isa sa mga estratehiyang pinakamadalas gamitin at lubos na epektibo sa pagtuturo. Ipinapakita nito na mahalaga para sa mga guro ang pagbibigay ng mga gawain na may koneksyon sa tunay na buhay upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang aralin.

Samantala, ang paggamit ng mga halimbawa tulad ng diyalogo, debate, at role playing sa pagsasanay ng pagsasalita ay may mean na 3.77, na nagpapakita rin na ito ay palaging ginagamit ng mga guro upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon. Gayundin, ang paggamit ng mga visual aids, handouts, at iba pang materyales na mean 3.86 ay nagpapakita na ang mga guro ay gumagamit ng iba't ibang kagamitang panturo upang mas maging malinaw ang kanilang pagpapaliwanag ng aralin.

Sa kabilang banda, ang ilang estratehiya ay may bahagyang mas mababang mean, tulad ng pagsasagawa ng kolaboratibong pagsulat na may mean na 3.62. Bagama't ito ang may pinakamababang mean sa talaan, ito ay nasa kategorya pa rin ng *"Palaging Ginagamit / Lubos na Epektibo,"* na nagpapahiwatig na ginagamit pa rin ito ng mga guro ngunit maaaring hindi kasingdalas ng ibang estratehiya.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa *Social Constructivist Theory ni Vygotsky (1978)* na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng interaksyon, kolaborasyon, at konteksto sa pagkatuto. Kaugnay nito, ipinahayag nina *Du Plessis et al. (2015)* na ang paggamit ng iba't ibang estratehiya ay nakatutulong sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga gurong nagtuturo sa labas ng kanilang espesyalisasyon. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Gess-Newsome (2019) na ang pedagogical competence ay naipapakita sa aktuwal na paggamit ng angkop na estratehiya sa loob ng silid-aralan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang mga non-Filipino na medyor ay aktibong gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino, tulad ng aktibidad na pangkomunikasyon, paggamit ng materyales, kolaboratibong gawain, at mga gawaing nakaugnay sa tunay na buhay. Ang mga estratehiyang ito ay nakatutulong upang mapabuti ang pag-unawa, kasanayan, at pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino.

## IV. SUMMARY, CONCLUSION AND RECOMMENDATION

### Buod ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matukoy ang antas ng kakayahan, mga hamon, at estratehiya sa pagtuturo ng mga gurong non-Filipino major sa asignaturang Filipino sa antas sekondarya sa SDO Isabela. Gumamit ito ng kuwantitatibong disenyo ng pag-aaral, kung saan 110 guro ang naging respondente.

Batay sa resulta, natuklasan na ang mga guro ay may antas na marunong sa pangwika, pampanitikan, at komunikatibo; at lubos na marunong naman sa pedagohikal. Gayunpaman, nakararanas sila ng kadalasang hamon, lalo na sa nilalaman at kakayahang pang-asignatura, partikular sa mas teknikal na aspeto ng wika gaya ng balarila at panitikan.

Sa kabila nito, ipinakita rin na ang mga guro ay kadalasang gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, kabilang ang kolaborasyon, paggamit ng teknolohiya, at sariling pag-aaral upang mapanatili ang epektibong pagtuturo.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng pag-aaral na bagama't may mga limitasyon ang mga gurong non-Filipino major, sila ay nagpapakita ng kakayahang umangkop at dedikasyon sa pagtuturo. Bunga nito, iminungkahi ang pagbuo ng isang kontekstuwalisadong Learning Action Cell (LAC) bilang interbensyon upang mapalakas ang kanilang kakayahan at mapabuti ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino.

### Konklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. **Antas ng Kakayahan**. Ang mga gurong non-Filipino major ay nagpakita ng katamtaman hanggang mataas na antas ng kakayahan sa pagtuturo ng Filipino. Partikular, sila ay "Marunong" sa kakayahang pangwika, pampanitikan, at komunikatibo, at "Lubos na Marunong" sa pedagogical competence. Ipinapahiwatig nito na bagama't hindi Filipino ang kanilang espesyalisasyon, nagtataglay sila ng sapat na kasanayan sa paghahatid ng aralin, lalo na sa aspeto ng pedagohiya. Ang natuklasang ito ay umaayon sa konsepto ng Pedagogical Content Knowledge (PCK) ni Shulman, na nagsasabing ang guro ay maaaring maging epektibo sa pedagohikal na aspekto kahit may limitasyon sa content mastery.

2. **Antas ng mga Hamon**. Ang mga guro ay nakararanas ng katamtamang antas ng hamon (Kadalasang Hamon) sa aspeto ng nilalaman at kakayahang pang-asignatura, lalo na sa sintaks, semantika, bokabularyo, at

pagsusuri ng panitikan. Samantala, kaunting hamon lamang ang kanilang nararanasan sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo, na nagpapahiwatig na mas malaki ang hamon sa content mastery kaysa sa pedagogical execution. Ang kalagayang ito ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng Experiential Learning Theory ni Kolb (1984), kung saan ang kakayahan ng guro ay patuloy na nahuhubog sa aktuwal na karanasan, subalit nangangailangan ng mas sistematikong suporta upang mapalalim ang kanilang kaalaman sa nilalaman.

3. **Antas ng Paggamit ng Estratehiya**. Ipinakita ng mga guro ang mataas na antas ng paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, kabilang ang kolaboratibong gawain, komunikatibong pamamaraan, at integrasyon ng teknolohiya. Gayunpaman, may hamon sa pagpili at pag-aangkop ng pinakaangkop na estratehiya batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang natuklasang ito ay maiuugnay sa Social Constructivist Theory ni Vygotsky (1978), na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng interaksyon at kolaborasyon sa pagkatuto, kung saan ang pagpapalakas ng kakayahan ng guro ay maaaring maisakatuparan sa pamamagitan ng mga mekanismong kolaboratibo tulad ng Learning Action Cell (LAC).

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang sumusunod na mga rekomendasyon ay iminungkahi:

1. **Para sa mga pinuno ng paaralan**, iminungkahi ang pagpapatupad ng Learning Action Cell (LAC) bilang isang sistematikong programa upang mapalakas ang kakayahan ng mga gurong non-Filipino major. Maaaring isagawa ito sa pamamagitan ng mentoring, workshop, at collaborative learning.

2. **Para sa Kagawaran ng Edukasyon**, iminungkahi ang pagbibigay ng mga specialized training sa Filipino para sa mga gurong hindi ito ang espesyalisasyon. Dapat ding maglaan ng sapat na pondo para sa professional development programs.

3. **Para sa mga guro**, hinihikayat ang aktibong pakikilahok sa LAC, patuloy na pag-aaral, at pakikipagkolaborasyon sa mga Filipino major upang mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo.

4. **Para sa paaralan**, inirerekomenda ang pagbibigay ng sapat na instructional materials at resources upang suportahan ang pagtuturo ng Filipino.

5. **Para sa mga susunod na mananaliksik**, iminungkahi ang pagsasagawa ng mas malawak na pag-aaral na may mas malaking saklaw upang higit pang mapagtibay ang mga resulta ng pananaliksik. Maaaring isama ang iba pang baryabol tulad ng motibasyon ng guro at epekto ng LAC sa learning outcomes ng mga mag-aaral.

## V. REFERENCES

[1] Australian Council for Educational Research (ACER). *Measuring the extent of out-of-field teaching.* https://www.acer.org/au/discover/article/measuring-the-extent-of-out-of-field-teaching

[2] Badaru, K. A., & Ndlovu, N. S. (2025). *Understanding the out-of-field teaching experiences: A review of selected national contexts. Interdisciplinary Journal of Education Research, 7*(2), a04. https://doi.org/10.38140/ijer-2025.vol7.2.04

[3] Ball, D. L., Thames, M. H., & Phelps, G. (2008). Content knowledge for teaching: What makes it special? Journal of Teacher Education, 59(5), 389–407. https://doi.org/10.1177/0022487108324554

[4] Bausa, M. R. L., & Marbella, F. D. (2024). Experience of non-major teachers in Filipino sa Piling Larang-Akademik. *International Journal of Research Studies in Education*. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24021

[5] Bayani, R. T., & Guhao, E. S., Jr. (2017). *Out-of-field teaching: Experiences of non-Filipino majors*. Communication and Networking Staff to the Principal, Department of Education, Division of Compostela Valley, Region XI, Philippines. https://zenodo.org/record/1423235/files/IJEDST_2017_5_11_91-127.pdf

[6] Bustamante, J. A. (2022). *The Teaching of Literature: Voices and Lenses. International Journal of Learning, Teaching and Educational Research,* *21*(4). *https://doi.org/10.26803/ijlter.21.4.12*

[7] Conde, L. A., Yazon, A. D., Tan, C. S., & Bandoy, M. M. (2023). Learning Action Cell as A Channel for Teacher's Professional Competence in Elementary Schools in the Divisions of Laguna. *Education Policy and Development*, *1*(2), 40–52. https://doi.org/10.31098/epd.v1i2.1590

[8] Darling-Hammond, L., Hyler, M. E., Gardner, M. (2017). *Effective Teacher Professional Development*. Palo Alto, CA: Learning Policy Institute. https://doi.org/10.54300/122.311.

[9] Du Plessis, A., Carroll, A., & Gillies, R. M. (2015). Understanding the lived experiences of novice out-of-field teachers in relation to school leadership practices. *Asia-Pacific Journal of Teacher Education*, *43*(1), 4–21. https://doi.org/10.1080/1359866X.2014.937393

[10] Gess-Newsome, J., Taylor, J. A., Carlson, J., Gardner, A. L., Wilson, C. D., & Stuhlsatz, M. A.

M. (2019). Teacher pedagogical content knowledge, practice, and student achievement† . *International Journal of Science Education*, *41*(7), 944–963. https://doi.org/10.1080/09500693.2016.1265158

[11] Gudmundsdottir, S., & Shulman, L. (1987). Pedagogical Content Knowledge in Social Studies. *Scandinavian Journal of Educational Research*, *31*(2), 59–70. https://doi.org/10.1080/0031383870310201

[12] Hobbs, L., & Porsch, R. (2021). Teaching out-of-field: challenges for teacher education. *European Journal of Teacher Education*, *44*(5), 601–610. https://doi.org/10.1080/02619768.2021.1985280

[13] Hobbs, L.; & Ndlovu, N. S. B. (2025). *Teaching out-of-field: Challenges for teacher education*. Literature review. https://www.researchgate.net/publication/355474375_Teaching_out-of-field_challenges_for_teacher_education ResearchGate+1

[14] Kasulotan, B. U. (2024). Exploring pedagogical strategies and challenges: A qualitative study of Filipino language instruction among elementary teachers. EPRA International Journal of Environmental Economics, Commerce and Educational Management. https://doi.org/10.36713/epra19345

[15] Kolb, D. A. (1984). *Experiential learning: Experience as the source of learning and development*. https://learningfromexperience.com/downloads/research-library/experiential-learning-theory-working-paper.pdf

[16] Magcalas, H. A., Bautista, R. L., & de Jesus, L. F. (2024). *Pinoy ako, pero hindi Filipino Major: Pag-aaral sa Karanasan ng Guro sa Pribadong Paaralan. International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2*(3). https://doi.org/10.17613/828g-7k34

[17] Park, S., & Oliver, J. S. (2008). Revisiting the conceptualisation of pedagogical content knowledge (PCK): PCK as a conceptual tool to understand teachers as professionals. Research in Science Education, 38(3), 261–284. https://doi.org/10.1007/s11165-007-9049-6

[18] Ross, E., Hobbs, L. Stretching the boundaries: the rise and rise of out-of-field teaching in Australia. *Curric Perspect* **44**, 579–585 (2024). https://doi.org/10.1007/s41297-024-00282-7

[19] Shulman, L. S. (1987). *Knowledge and teaching: Foundations of the new reform*. Harvard Educational Review, **57**(1), 1–22. https://doi.org/10.17763/haer.57.1.j463w79r56455411

[20] Toquero, S. C., & Capistrano, F. M. (2024). Pedagogy in the 21st century literature classroom: Teachers' teaching mechanisms, challenges, and coping mechanisms. International Journal of Research Studies in Education, 13(6), 69–84. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24046

[21] Trošelj, D. B., Papak, P. P., & Žuljan, D. (2021). Teacher Self-Assessment of their Science and Technics Competences and Professional Development. https://doi.org/10.18690/rei.14.1.73-92.2021

[22] Wheeley, E., Klieve, H., Park, E., & Du Plessis, A. (2023). Preservice Teachers' Perceptions About Out-of-Field Teaching: Implications for Students, Teachers and Schools. *Australian Journal of Teacher Education, 48*(4). https://doi.org/10.14221/1835-517X.5619